

Pangangalaga at Pagbibigay ng Impormasyong Pangkalusugan ng Miyembro

Pangangalaga sa Impormasyong Pangkalusugan ng mga Miyembro

Upang matiyak na binabantayan namin ang pinangangalagaang impormasyong pangkalusugan (PHI) ng aming miyembro, inaatasan ang Partnership HealthPlan of California (PHC) na sundin ang mga patakaran sa pagkapribado ng impormasyong pangkalusugan. Kabilang dito ang Health Insurance Portability and Accountability Act (HIPAA) at California's Confidential Medical Information Act.

Maaaring gamitin o ibunyag ng PHC ang PHI ng miyembro nang walang pahintulot mula sa miyembro kung pahihintulutan lamang ng batas. Ang ilang halimbawa nito ay:

- Sa isang provider para sa paggamot o pagbabayad ng mga serbisyong ibinigay sa isang miyembro.
- Para sa mga gawain na pangangalaga sa kalusugan. Kabilang dito ang kalidad ng pangangalaga, pagpapalano ng negosyo, serbisyo sa customer, at mga gawaing pangkaligtasan.
- Sa mga ahensiya ng estado at lalawigan na nangangasiwa sa pangangalaga ng miyembro.

Dapat may paunang pahintulot ng miyembro ang anumang iba pang mga paggamit o pagbunyag ng PHI.

Paano Hihiling o Pahihintulutan ng mga Miyembro ang Pagbibigay ng PHI

Para sa Miyembro: Maaaring hilingin ng mga miyembro ang sariling PHI sa pagsagot sa kalakip na Data Request form at pagsunod sa mga tagubilin sa form.

Sa Awtorisadong Kinatawan: Maaaring bigyan ng miyembro ang kanilang kaibigan, miyembro ng pamilya, o ibang tao ng pahintulot sa kanilang PHI sa pamamagitan ng:

- Pagsagot at pagpirma ng form para sa Pagbibigay ng Impormasyon o form para sa Awtorisadong Kinatawan (parehong nakalakip).
- Pagtawag sa Serbisyo para sa Miyembro sa (800) 863-4155 para magbigay ng berbal na pahintulot upang ibigay ang PHI sa pamamagitan ng pagtawag sa isang taong kanilang tinutukoy. (**Mawawalan ng bisa ang permisong ito sa pagsasara sa susunod na araw ng negosyo sa ganap na 5 p.m.**)
- Pagsusumite ng personal na kinatawan ng patunay ng kanilang legal na karapatan na kumatawan para sa miyembro. Ipinaliliwanag ng kalakip na form ng Personal na Kinatawan ang mga kinakailangan.

Maaaring kailanganin ng PHC na tiyakin ang pagkakakilanlan ng taong humihiling ng PHI ng miyembro.

Maaaring kanselahin ng miyembro ang pahintulot na ibigay ang PHI sa pamamagitan ng pagsulat o pagtawag sa (800) 863-4155. Maaari itong gawin anumang oras, hangga't hindi pa inilalantad ng PHC ang PHI na dating pinahintulutan.

Tandaan: Ang mga paglalantad na isinaad sa itaas ay magagamit lamang sa mga di-sensitibong PHI. Hindi kabilang sa di-sensitibong PHI ang mga impormasyon tungkol sa kalusugan ng pag-iisip, sakit sa paggamit ng droga, pampanganak/kalusugang sekswal, at mga resulta ng pagsusuri sa henetiko. Ang awtorisasyon na ibigay ang sensitibong PHI ay dapat gawin sa pagsulat.

Eureka | Fairfield | Redding | Santa Rosa
(707) 863-4100 | www.partnershiphp.org